

Ang Epikseryeng Filipino: Diskurso sa Amaya

Vasil A. Victoria, Ph.D
Ateneo de Naga University

Kaiba sa mga nakamihasnang, nakasanayan at nakagawiang mga soap opera, soap operang nakabahag at epikserye ang tawag sa Amaya. Ito ang kauna-unahang panuring o bansag sa ganitong uri ng dugtungang palabas sa telebisyon. Ano nga ba ang epikserye? Higit na malalim na tanong, paano masasabing epikseryeng Filipino ang isang palabas? Bago tuluyang masagot ang mga tanong na nailatag, mahalagang taluntunin ang naging kasaysayan at anyo ng mga soap opera sa mga palabas-pantelebisyon.

Sa disertasyon ni Reyes (1) kaniyang sinabi na isa ang soap opera sa mga programang sinusundan ng mga manonood ng telebisyon. At dahil kinahuhumalingan ang mga ganitong klaseng programa, unti-unti na itong sinusundan hanggang sa makabuo na ng mga solidong tagapagtangkilik. May isang aspekto ang masasabing naging dahilan kung bakit ganoon na lamang ang naging tugon ng mga tao sa mga programang kanilang sinusundan. Bukod sa katotohanang may mga elemento ng pag-iidolo sa mga artista kung saan masasabing tunay na naggagandahang lalaki at babae ang mga bida, pumapasok din ang kapangyarihan ng wika bilang mekanismo ng pagkakaunawa at pagkahumaling. Tumutukoy ang soap opera sa mga dramang pantelebisyon na may sumusunod na pormulasyon, (1) problem (suliranin), (2) examination (pagtalakay sa suliranin), (3) catharsis (pamamaraan upang magupo ang suliranin) at (4) resolution (ang kasagutan o kaliwanagan sa suliranin). Ibinatay ang siklong nabanggit sa narrative drama ayon kay Aristotle. Tinawag naman itong soap sapagkat karaniwan, mga sabon ang nagiging pangunahing advertiser nito (Anger, 1999).

Mula sa soap opera, nabuo naman ang taguring telenobela. Sa papel ni Hernando (105), sinambit niyang binubuo ng dalawang salita ang telenobela, ang “tele” at “nobela.” Ang tele ay tumutukoy sa telebisyon. Ayon sa Encarta Encyclopedia, ito ay “small screen, combined audio at video broadcast.” Ito ay isang

de-koryenteng kagamitan na matatagpuan sa maraming tahanan. Pinapagpanooran, tinututukan at pinaglilibangan. Ang nobela naman ay tumutukoy sa isang anyo ng panitikan na mahaba at nahahati sa maraming yugto. Ang mga telenobela ay mini-series pormat ng mga soap opera noon. Ang mga tinaguriang soap opera ay mga palabas na drama na nagmula sa mga bansa sa Latina Amerika. Pinagsama ang salitang tele at nobela upang tumukoy sa isang palabas sa telebisyon na may mahabang kuwento at sinusubaybayan ito ng mga manonood. Sudlong ni Garcia na “Naging popular sa Filipinas ang terminong telenobela nang sumikat ang ganitong mga palabas mula sa Latina Amerika, lalo’t higit ang artistang si Thalia at ang kaniyang superhit na Marimar. Ang telenobela ay nasa genre ng domestic drama o love story o soap opera: may istorya ng pag-iibigan kung saan ang mga bidang lalaki o babae ay kailangang kumaharap muna sa maraming problema (225).”

Mula sa telenobela ay sumulpot naman ang konsepto ng Asianobela. Binigyang-depinisyon ito ni Reyes (41-43) na ang pangkalahatang katawagan sa mga soap opera na hango sa mga karatig-bansa ng Filipinas sa Asya. Gayundin, Chinovela ang tawag sa mga soap operang buhat sa China/Taiwan. Kay Garcia, “Ang telenovela ay naging Chinovela nang naging popular ang mga telenovelang galing sa Taiwan. Mega-hit ang Meteor Garden nang dahil sa F4, isang grupo ng mga mangangantang may androgynous na kaguwapuhan (226).” Koreanovela naman ang tawag sa espesipikong soap opera buhat sa Korea. Mexicanovela ang tawag sa espesipikong soap opera buhat sa Mexico/Venezuela.

Sumunod na pangalang nabuo ay ang teleserye. Teleserye ang tawag sa pinaunlad na soap opera sa Filipinas kung saan inayos ang plot, pinabilis ang pacing at pinalaki ang produksiyon (Reyes: 45). Maituturing kung bakit tinawag na soap opera ang soap opera dahil sa komersiyal na layon nito. Hindi nakakapagtaka kung paano sinusuportahan ng mga itinuturing na advertisers ang isang partikular na programa. Karaniwang mga produktong sabon ang katuwang ng mga ganitong programa. Nang lumaon, ikinabit bilang katawagan ang soap opera sa mga programang drama ang tema (47).

Mapapansing ang pagpapangalan sa iba’t ibang drama o palabas na dugtungan sa telebisyon, mapaumaga, hapon o gabi

man ay ipinapangalan batay sa kung saan lugar o bansa nagmula ang mismong palabas. Sa kasalukuyan, may pagbabanyuhay nang nagaganap sa mga panturing sa ganitong uri ng mga palabas. Nakabatay na sa paksa, tema o nilalaman ang pagpapangalan. Nang mamayagpag ang *My Husband's Lover* sa GMA 7, nauso ang salitang badingserye (2013). Tumutukoy ang badingserye sa mga dugtungang palabas na nagtatampok sa buhay, karanasan, pangarap at pag-ibig ng mga bakla o bading. Sa kasalukuyan, dahil sa *Kambal-Sirena* ng GMA7 at ng *Dyesebel* ng ABS-CBN2 ay lumitaw naman ang katagang sirenaserye (2014). Ang sirenaserye ay tumutukoy sa dugtungang palabas na nagpapakita sa kuwento ng mga nilalang na kalahating-tao at kalahating-isda na kung tawagin ay sirena at siyokoy. Pinakabago ang bansag na bayaniserye dahil sa palabas sa GMA7 na *Ilustrado* tungkol sa buhay ni Jose Rizal.

Inumpisahan ng ABS-CBN ang paggamit ng salitang teleserye, buhat sa salitang tele ng telebisyon at serye o mga dramang sinusubaybayan. Tinapatan naman ito ng katunggaling estasyon na GMA 7 ng teledrama buhat naman sa mga salitang telebisyon at drama. Mula noon, nagkasunod-sunod na ang pagbuo ng mga ganitong klaseng pinaunlad na soap opera (Reyes: 49). Sa kasalukuyan, teleabad ang bansag ng GMA 7 sa tuloy-tuloy o magdamagang panonood ng kanilang mga dugtungang palabas lalo na sa gabi samantalang primetime bida naman sa ABS-CBN2.

Naging pangkaraniwan na lamang sa mga lokal na estasyon ng telebisyon ang pagbuo ng mga termino na magbibigay-depinisyon hinggil sa anyo ng dramang kanilang sinisimulan. Mapapansing nangyari ito pagkatapos ang pagpapalabas ng *Marimar* sa telebisyon ng Filipino. Mula sa simpleng katawagang soap opera, bumuo ang mga lokal na estasyon ng telebisyon ng ibang mga termino upang magkaroon ng dahilan ang pagbuo nila ng iba't ibang anyo ng drama (Reyes: 49).

Sumulpot ang konsepto ng epikserye at pagkakasaysayan ng palabas na *Amaya* dahil sa tinatawag na Korean Wave. Ang Hallyu o Korean Wave ay ginamit sa Tsina noong 2001 na binigyan ng ganitong pakahulugan ng mga kritiko; upang mabigyang-diin ang mga panlipunan at pangkultural na impluwensiya ng Korea tulad ng damit, fashion at mga kagamitang panteknolohiya sa mga bansa sa Asya (Korea: *Where Old Meets New* 17); Pan-Asian Wave ang isa pang katawagan dito. (Jimenez-David A15). Sa Wikipedia,

binigyang-kahulugan ang Korean wave na:

The Korean Wave (Hangul: 한류; hanja: 韓流; RR: Hallyu; MR: Hallyu) is a neologism referring to the increase in the popularity of South Korean culture since the late 1990s. The term was originally coined in mid-1999 by Beijing journalists who were surprised by China's growing appetite for South Korean cultural exports. They subsequently referred to this new phenomenon as "Hánliú" (韓流), which literally means "flow of Korea."

Sa bagong teaser ngayon ng GMA7 (2014) dahil sa muling pagpapalabas ng Jewel in the Palace tuwing hapon tungkol sa Korean Wave, sinasabing ang Korean Wave ay mga palabas na nagmula sa Korea. Nakarating ito hanggang sa iba't ibang bahagi ng Asya at kumalat na sa iba't ibang dako ng mundo. Hindi rito kataliwasan o eksepsiyon ang Filipinas. Marami nang dugtungang palabas sa telebisyon na nagmula sa Korea na ipinalabas sa bansa. Ilan lamang sa mga ito ay ang Lovers in Paris, Jewel in the Palace, Jumong, Tale of Arang, Dong Yi, Moon Embracing the Sun, My Princess, Cinderella Sister at marami pang iba. Sa mga dugtungang palabas na ito mula sa Korea, may sumulpot na kakaibang genre, ito ang period drama partikular dito ang Jewel in the Palace at Jumong.

Kung tutuosin, ang Amaya ay maituturing na period drama. Period drama ang tawag sa dramang tumatalakay sa isang bahagi ng kasaysayan ng isang partikular na lugar o bansa (Reyes: 43). Sa kabila ng pagturing sa Amaya bilang period drama, mas nangibabaw ang diskurso ng episkerye. Ito ang higit na idiniin ng GMA 7 sa pagpapalabas nito noong 2011 hanggang 2012.

Maituturing na neohilismo ang salitang epikserye. Nangangahulugang binuo ang salitang ito upang pangalanan ang isang makabagong dalumat o konsepto sa dugtungang palabas sa telebisyon. Sa alinmang neohilismong nagaganap, may layunin itong ipakilala ang isang termino na bago sa alinman sa limang pandama ng tao. Sa kaso ng epikserye, bumulwak ito sa larang ng panood ng mga dugtungang palabas sa telebisyon. Maituturing ding coining ang pagtatambal ng epikserye. Sa simplistikong pagtingin, ito ay hango sa salitang serye at epiko.

Madaling bigyang-depinisyon ang salitang serye. Sa UP Diksiyonaryo (1124) ang serye ay 1: dugtungan 2: mga sunod-

sunod na bagay o pangyayari. Kasingkahulugan nito ang terminong episodyo na hango naman sa Espanyol. Ang episodyo ay tumutukoy sa 1: pangyayaring bahagi ng isang serye, 2: bawat bahagi ng kuwento o palabas na hinati-hati ang daloy ng pagtatanghal 3: isang pangyayari sa isang kuwento (338).

Kung etimolohiya ang pagbabatayan, hango ito sa salitang Ingles na series o ng serie ng Espanyol. Sa wikang Filipino, ito ay serye o anumang dugtungan. Tumutukoy rin ang serye sa anumang konsepto o kuwentong pinagputol-putol o pinagtilad-tilad upang magkaroon ng kabuoan sa bandang huli o dulo. Ang mga pagpuputol na ito ay may kaugnayan sa bawat isa. Ibig sabihin, nakaplano ang pagputol sa mga baha-bahagi ng isang kabuoan. Maaaring ihiwalay ang bahaging ito o tuluyang mawala subalit makokompleto lamang ito kung isasama sa holistikong anyo nito. Pira-pirasong mang maituturing ang mga seryeng ito, napakahalaga nito upang maging malinaw ang lahat sa kuwento at siklo ng isang palabas. Sabi pa ni Hernando (105) na “ang pagkakaroon nito ng mga episodyo o yugto, mga cliffhanger at iba pa ang siyang nagpapakilala rito bilang isang sangay ng naratibo.”

Samantala ang pangalawang salita sa epikserye na dapat bigyang-kahulugan ay ang epiko. Hango ito sa Espanyol na epico na ang depinisyon ay 1: mahabang tula na nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran o mga ginawa ng isa o higit pang bayani o malaalamat na nilalang 2: katha sa anumang anyo na naglalaman ng pananaw ng isang bansa sa kasaysayan nito 3: aklat o pelikulang batay sa malaepikong salaysay (UP Diksiyonaryo:337). Kay Arrogante (80-81) “isang mahabang salaysay sa anyong patula na maaaring awitin o isatono ang epiko. Ito’y hango sa pasalindilang tradisyon tungkol sa mga pangyayaring supernatural o kabayanihan at may layuning seryoso dahil kinapapalooban ito o pinahahalagahan dito ang mga paniniwala, kaugalian, mithiin sa buhay ng mga tao.” Sa Waray, kanda ang katumbas ng epiko, ulahing ito sa Matigsalug, wahingun sa Manuvu, diwaot sa Mansaka at hudhud sa mga Ifugaw. Dagdag pa ni Castro (3) na “tinatawag natin ngayong epiko ang mahahabang tulang pasalaysay bagama’t maraming katawagan dito ang mga wika sa Filipinas tulad ng hudhud ng mga Ifugao, guman ng mga Suban-on, darangen ng mga Maguindanao at Maranao, diawot ng mga Mansaka, owaging, ulaging, ulahingon, ulahingan ng mga Manobo.” Kay

Ricarte “Karaniwan nang taguriang epiko ang mahabang tulang-kasaysayan. Gayunman, hindi sapat ang kahabaan at ang pagiging naratibo upang ang isang tula ay maging marapat sa katawagang epiko. Kung bagama’t nagkakaiba sa kuwento at mga detalye, ang mga dakilang epiko sa panitikan ng daigdig ay nagkakatulad sa tinataglay na mga katangiang naghahanay sa mga ito sa isa lamang kaurian. Ang mga katangiang iyan ay karaniwang sumasaklaw sa mga karakter, sa kapaligirang ginagalawan ng mga tauhan, sa paksa at sa diwa. Ang mga tauhan sa epiko ay mga dakilang bayani, sa kaso ng matatandang epiko, ang mga personahe ay nag-aangkin pa ng mga malabathalang katangian. Malawak ang espasyo at panahong sinasaklaw ng aksiyon. Ang paksa ay hango sa kasaysayan, relihiyon o mitolohiya. At ang tema o diwa ay humihigit pa sa pang-indibidwal na layunin at nagkakaroon ng panlahi, pambansa o pangsangkatauhang kaukulan (257). Kay Tolentino “Ang epiko ay ritwal sa katutubong buhay. Bahagi ito ng konsolidasyon ng grupo- matapos magtanim at umani, habang nagpipista, pampalipas-oras. Gayunman, sentral na gamit sa epiko ang pagiging repositoryo ng kolektibong panlipunang alaala. Inilalahad ng epiko ang pinagmulan, pinanggalingan, pinagdaanan ng komunidad at maging ang patutunguhan nito. Dahil ito ay serial na binibigkas- lubhang napakahaba ng epiko para matapos sa isang gabi- ito ay nagpapanatili ng alaala ng komunidad. Naglalakbay ang epiko sa tatlong antas, una, sa antas ng paglalahad ng laman ng epiko, ang paglalakbay ng epikong bayani; ikalawa, sa antas ng analogous na paglalakbay ng bayani sa mamamayan at komunidad, bilang kolektibong kuwento at kasaysayan ng lugar at ikatlo, sa antas ng pagtatanghal ng epiko para sa kasalukuyang manonood, bilang walang kaduda-dudang pagtunghay sa kanilang alaala. Ang epiko ang metanaratibo ng rehiyon, ang paglulugar sa grupo ng mamamayan at ang pagpopook nito sa diwa ng pagkamamamayan (56-58).” Kay Salazar, “Isang aspekto/motibo ng isinasalaysay sa lahat ng epikong Filipino ang ugnayan/pag-uugnay ng mga kasapi ng nakatataas na uring panlipunan sa kabathalaan/kaanituhan upang makamtam ng una ang mga pabor/kapangyarihan mula sa huli (181).”

Katutubong dalumat ang epiko sa kapuluan ng bansang ito. Ibig sabihin, bago pa man dumating ang sinumang mananakop, taal sa buhay at karanasan ng mga sinaunang Filipino ang

kuwento tungkol sa kabayanihan ng mga mandirigmang may pambihirang lakas, tapang at kapangyarihan. Sa saliksik nga ni Cruz (242) “kung gagamitin natin ang depinisyon ng etnoepiko na ginagamit ni E. Arsenio Manuel at ng iba pang iskolar ng epiko, ito ang masasabi nating mga epikong Filipino: ang Biag ni Lam-ang sa wikang Ilokano, ang Handiong o Ibalon sa Bikol, ang Ullalim sa Kalinga, ang Alim at Hudhud sa Ifugaw, ang Hinilawod Una o Labaw Donggon at ang Hinilawod Ikalawa o Humadapnen sa Sulod, ang Agyu at ang Olaging sa Bukidnon, ang Ulahingan at ang Mangorayt Buhong na Langit (Ang Dalaga sa Kalangitang Buhong) at ang Tuwaang Midsakup Tbpso Pansoy (Ang Pagdalo ni Tuwaang sa Isang Kasalan) at ang Tulalang sa Manobo, ang Guman ng Dumalinao at ang Keg Samba Neg Sandayo at ang Ag Tubig nog Kabaklagan sa Suban-on, ang Diawot sa Mansaka, ang Owaging at ang Gambong sa Mandaya, ang Kudaman sa Palawan, ang Darangen sa Maranaw, ang Parang Sabil sa Taosug, ang Sambila sa Tagbanwa, ang Ubod sa Matigsalug, ang Silungan sa Siasi, ang Sewatan sa Dibabawon at ang Nalandangan sa Talaandig.

Patuloy pa ni Cruz na “ito ang ating mga pangunahing epiko. Maraming anyo ang mga epikong ito. Halimbawa anim ang Ullalim. Maraming Hudhud. Apat ang natuklasan nang mga kuwento ng Agyu. At mayroon pa ngang nagsasabing aabot na ng libo ang Sengedurung o mga awit ng Ulahingan. Kahit hindi na natin bilangin ang mga anyong ito at bilangin na lamang nati’y ang mga epikong nabanggit ko na, masasabi pa ring 28 ang mga katutubong epikong Filipino, bukod pa sa mga epikong hanggang ngayo’y hindi pa naiipon, naisasalin o napag-aaralan. Ayon pa nga sa libro nina Jovita Castro, aabot ng 108 ang mga epiko.” (Sa listahang ito na nabanggit ni Cruz, sapat nang pruweba na maraming epiko sa Filipinas. Marami pa sa mga ito ang patuloy na hinahanap, tinutuklas at binabakas ng mga etnograpike.)

Kaiba sa nakagisnang mga katutubong epiko sa bansa na lahat ay pinangyayarian, pinaghaharian o pinangingibabawan ng mga lalaking bayani, si Amaya ay babaeng bida sa epikseryeng dinidiskurso. Babae, mandirigma, bayani. Ilang lamang ito sa salitang ikinapit na may bahid ng pagdududa sa kakayahan ni Amaya bilang protagonist. Ano nga ba ang konsepto ng kabayanihan? Paano maituturing na bayani ang isang tauhan? Maaari bang isang isang babae ay maging bayani ng isang epiko?

Paanong ang isang binukot na naging oripun na tulad ni Amaya ay naging bayani?

Ang bayani ay kaugnay ng pagpapakahulugang mula salitang Bisayang “bagani,” na nangangahulugang “mandirigma,” at “wani” o malasakit at pagtulong (Lacuata:2). Kay Salazar (1) ang kabayanihan ay tumutukoy sa mga katangiang taglay ng isang pinunong nakatuon ang diwa at gawa sa pagpapanatili, pagpapatatag, pagtatanggol o muling pagtatatag sa kabuoang kinabibilangan. Kung ito ang pamantayan ng kabayanihan ni Salazar, maituturing na bayani si Amaya. Bilang pinuno ng mga lumad, ginawa niya ang katungkulang ito upang manatiling matatag, panatag at ligtas ang banwang kaniyang pinamumunuan. Ang malaking problema ay ang isa sa mga rekisito o kahingian sa kahulugan ng bayani, siya ay pangunahing tauhang lalaki (3). Dagdag pa ni Salazar (38), walang babaeng bayani, ang babae ay maaaring babaylan o katalonan. Dakilang gawain ng babae, kahit sa digma, ay bilang babaylan. Ideal na lalaki ang bayani. Sa pakikipanayam ng mananaliksik kay Villan (2014), sinabi niyang hindi maaaring maging bayani ang babae sa usapin ng pangangayaw. Pero higit pa sa konsepto ng bayani ang terminong lingkod-bayan. Ang datu o rajah, babaylan, panday at angaway o mandirigma ay mga lingkod-bayan sa katutubong kalinangan. May kani-kaniya silang katungkulan sa kani-kanilang tiyak na lipunan. At ang pagtupad sa bawat tungkuling ito bilang lingkod-bayan ay higit pa sa dalumat ng kabayanihan. Sa usapin daw ng pangangayaw o pananakop, kaya hindi itinuturing na bayani ang babae sapagkat may taglay at dala ang lalaki na wala sa babae. Ito ang bayag. Napakahalaga ng bayag ng mga mangangayaw sa anumang uri ng paglusob sa dagat o anumang anyong tubig. Ang bayag ng mga angaway ay ginagamit bilang sensor o compass upang tayain ang panganib sa tubig. May pisyolohikong epekto ang anumang panganib sa bayag ng isang lalaki lalo na’t nakalubog ito sa tubig. Umaangat o tumataas ito kapag may hindi magandang mangyayari lalo’t dulot ng tubig. Natutukoy ng bayag ng isang mandirigma kung maraming panganib sa dagat o tubig na sanhi ng maraming kuhol o gesangan/takut/bankota (coral reef). Bayag ang pamalit o gamit upang gampanan nito ang tungkuling matukoy ang panganib sa tubig. Kailangan ang bayag sa paglalayag sa dagat sapagkat ang kapuluan ng bansa ay isang maritimong

mundo. Isa itong malawak na arkipelago o anyong tubig kaysa sa anyong lupa o pulo. Sa usapin ng bayani, ang babaylan ay bayani rin sapagkat siya ay lingkod-bayan. Ang panday ay isa ring bayani. Ang angaway ay bayani. Ang datu o rajah ay bayani. Kung walang panday, sino ang gagawa ng armas na gagamitin sa pangangayaw? Kung walang babaylan ay hindi magaganap ang pangangayaw sapagkat nasa basbas ng isang babaylan ang pagsasakatuparan ng kayaw. Ang angaway ay isang bayani sapagkat kung wala sila, walang makakasama ang datu o rajah sa anuman at alinmang pangangayaw. Mahalagang idiin sa puntong ito na bilang mga lingkod-bayan, ang iba't ibang katayuan sa lipunan ng mga taong nabanggit ay pagsasakatuparan ng kani-kanilang tungkuling sa tingin din ng mananaliksik ay higit pa sa usapin ng pagiging bayani. Si Amaya ay lingkod-bayan sa palabas na dinidiskurso bilang punong alabay at pinunong mandirigma sa banwa ng mga lumad.

Sa manuskritong “Unang Pagtingin sa Pelikulang Bakbakan” inilarawan ang dalumat ng bida o bayani. Ayon kina Salazar (12) “Ang bida ay kumakatawan sa maliliit na tao at sa kulturang katutubo o ng nararapat. Nakatuon ang buong pansin ng bida sa pagpapanatiling buo ng kaniyang pamilya. Maganda ang trato ng bida sa mga bata, babae at inaapi. Lalong masigasig ang bida kapag ang inaapi ay babae. Ang pakikiisa sa inaapi at ang paglaban sa nang-aapi ang isa sa mga elemento ng paninindigan ng bida. Sa mga pamantayang ito nina Salazar, Covar at Sotto, hindi pa rin taliwas o lihis ang palabas na Amaya. Pinanday sa konseptong ito ang bida o bayani sa mga pelikulang bakbakan na itinuring na makabagong epiko. Si Amaya ay maliit na taong inapi nina Rajah Mangubat at Dian Lamitan kaya natutong lumaban. Taglay ni Amaya ang taal o katutubong ugali ng pagiging mabuting tao sa kaniyang sarili at kapuwa. Nabakas ito sa paraan ng kaniyang pakikitungo sa iba. Mabuti ang trato niya sa lahat lalo na sa banwa ng mga lumad na kaniyang pinamunuan. Tiniyak ni Amaya na ligtas ang banwang kaniyang pinamamahalaan o pinamumunuan. Ipinagtatanggol niya ang mga inaapi sa kamay ng malupit na rajah at sa tusong si Lamitan.

Bayani si Amaya sa palabas na dinidiskurso kahit wala siyang bayag. Bagama't puod o banwa ang pangunahing tagpuang itinampok sa palabas, hindi magkakaroon ng bagani o bayani

kung walang ipinagtatanggol na puod o banwa o bayan o kung ano pa mang katawagang ikinakapit dito. Nagbago man ang terminong puod at banwa sa paglipas ng panahon, ang konsepto ng pagtatanggol ng bayani para sa lugar na kaniyang nasasakupan ay mananatili. Ito ang sinabi ni Cayanes (54) na kung taal sa mga katutubo ang salitang “bayani,” taal din ang konsepto ng “bayan.” Sapagkat sa katutubong imahinasyon, ang pangunahing tungkulin ng bayani ay ipagtanggol ang bayan. Ibig sabihin, hindi maaaring umiral ang bayani kung wala ang bayan dahil ang pagiral ng bayani ay nakakakabit sa pagtatatanggol sa bayan; ni Veneracion (162) na nakasalalay ang lipunang Austronesyano sa Filipinas sa pamamayani ng bagani o mandirigma. Aalalayan nila ang pangangailangang pangalagaan ang teritoryo bilang pinagkukunan ng ikabubuhay at ng katiwasayan. Pagtatanggol ng pamayanan ang espesyalisasyon ng mga bagani; ni Barbaza (15) totoong sa kabuoan ng epiko, ang itinataas at pinananatili ay ang bayan bilang katwiran at batas; ni Demeterio (36) na ang salitang ‘bayanihan,’ ay nangangahulugang pagkilos na parang mga bagani, na walang ibig sabihin kundi ang pagsisilbi sa kapakanan ng barangay sa panahon ng kapayapaan, ni Zarate (103) na mas madalas kaysa hindi, ang mga kilos ng bayani ay itinutulak ng mithiin ng pamayanan. Ang kagalingan at kapakanan ng nakakarami ang pangunahing motibasyon ng bawat pagkilos. (Sa akin ang diin.)

Ano-ano nga ba ang katangian ng isang katutubong epiko? Nagbigay ng pamantayan si Manuel (1963) mula sa libro ni Arrogante (1991:81-82) ng mga katangian upang maihanay bilang isang tunay na epiko ang isang teksto. Ang isang epiko ay dapat na (1) may katangiang katutubo o pagsasakatutubo, (2) may pagkasupernatural o pagkabayani (3) isinasatono o isinasaawit (4) patula at (5) may layunin. Sa mga katangiang ito ng epiko, pasok ang Amaya. Ang katutubong wika, kalinangan at kasaysayan ay itinampok sa palabas na ito. Ang mga diwata at umalagad sa Amaya ay may taglay na kapangyarihan. Maraming eksena sa Amaya na kinakanta ang diyologo ng mga tauhan. Ito rin ay patula sa paggamit ng mga linyang matayutay. At may tiyak na layunin kung bakit nilikha ang Amaya, ito ang pagbuhay sa isang limot na kasaysayan ng Filipinas bagama’t kathang-isip ang lahat ng ito.

May iba namang katangiang ibinigay sa epiko mula sa librong Antolohiya ng Panitikang Asean, Mga Epiko sa Filipinas (2009:5-7) gaya ng mga sumusunod: (1) Karamihan sa mga epiko ay may pamagat na nangangahulugan ng awit o himig o pag-aawit o pagsasahimig; (2) Lahat ng mga epiko’y may kayariang en palier, alalaong baga’y ang pagkakasunod-sunod ng mga episodeyo; (3) Sa mga epiko’y karaniwang natutunghayan ang kahiwagaan: mga diwata o anito at mabubuting espiritu; (4) Sa kabilang dako, inilalarawan ng mga epiko ang mga lipunang lumikha sa kanila (5) Isa pa ring katangiang mapapansin sa mga epiko ang pagkakaroon nila ng maraming bersiyon at ang pagdami ng kanilang mga episodeyo. Pasok pa rin sa pamantayang ito ang Amaya. Wala mang tiyak na kahulugan ang salitang Amaya, naroon sa palabas ang elemento ng musika. Binubuo ng maraming episode ang Amaya na may 34 na kabanata sa kabuoan nito. Maraming elemento ng mahika sa tulong ng kapid na ahas ni Amaya at iba pang diwata’t umalagad. Tunay na ipinakilala sa Amaya ang lipunang lumikha rito sa pamamagitan ng kalinangang Bisaya sapagkat ito ang tagpuan nito. Kung may iba pa mang magiging bersiyon ang Amaya, masasagot ang kahingiang ito sa takdang panahon. Ang tiyak, nagkaroon ng ekstensiyon ang Amaya mula sa 13 linggong pormula ng mga dugtungang palabas sa telebisyon. Nagkaroon ng sub-plot ang Amaya kahit patay na ang pinakaantagonista sa kuwento na walang iba kundi si Rajah Mangubat.

Kay Pamintuan (81-86) naman na “Ang mga katutubong epiko ay bahagi ng tradisyong oral. Intrinsikong katangian ng mga epiko ang pagkakaroon ng ilang elemento ng mahika o kung hindi man, mga bagay at pangyayaring maituturing na kakatwa. Kung pag-uusapan naman ang punto-de-bista, ang mga katutubong epiko ay may diin sa pananaw ng kalalakihan. Sa mga katutubong epiko, ang tropeo ng bayani ay maaaring nasa anyo ng pagkakapanalo nito sa pakikipaglaban, pagiging pinuno ng tribu o pagkakamit ng pag-ibig ng babaeng minamahal. Ang mga paglalakbay sa mga katutubong epiko ay nauwi sa pagdiriwang o kasiyahan. Sa pamantayang inilatag, pasok pa rin ang Amaya. Hindi maiiwasan sa anuman at alinmang epiko ang taglay na kapangyarihan ng mga bida rito. Ang kataliwasan lamang sa kahingiang ito ni Pamintuan ay ang pagiging babaeng bayani at bida ni Amaya. Sa wakas ng palabas, napagtagumpayan ni Amaya ang kaniyang laban.

Kay Almario (43) na “Sagana mismo ang panitikang-bayan ng Filipinas sa ganitong takbo ng pangyayari (mopolohiya ni Propp). Nagbalik ang bayani upang iligtas ang bayan sa isang dambuhala o salot o upang iligtas ang minamahal sa taksil na karibal o mapag-imbót na dayuhan. Nagbalik ang bayani na isang pulubi o sakitin at magdaraan sa maraming paghamak at pagkadusta. Nagbalik ang bayani na nakabalatkayo at hindi makikilala ng sariling magulang o kasintahan kaya muling aalis.” Kay Cruz (292) na “Kung gagawa tayo ng anda ng mopolohiya na tugma sa ating mga katutubong epiko, ito ang magiging tala ng mga anda: Una, aalis ang bayani sa kaniyang bayan; Ikalawa, makatatanggap ang bayani ng isang mahiwagang bagay; Ikatlo, dadalhin o pupunta ang bayani sa pook kung saan naroroon ang isang hinahanap, na karaniwan ay isang mahal sa buhay; Ikaapat, magsisimula ang isang bayani ng isang labanan; Ikalima, makikipaglaban ang bayani nang matagalan; Ikaanim, pipigilin ng isang diwata ang labanan; Ikapito, ibubunyag ng diwata na magkamag-anak pala ang bayani at ang kaniyang kaaway; Ikawalo, mamamatay ang bayani; Ikasiyam, mabubuhay muli ang bayani; Ikasampu, babalik ang bayani sa kaniyang bayan; at Ikalabing-isa, magpapakasal ang bayani. Pasok sa mga rekisitong ito ang palabas na Amaya. Umalis si Amaya sa puod ni Rajah Mangubat upang maghanap ng mga kapanalig na makakatulong niya sa kaniyang laban. Ang kapid na ahas ni Amaya ang mahiwagang bagay, ito ang pagkakaroon ng kapatid na ahas na isang umalagad. Matatagpuan ni Amaya ang kaniyang kapid na ahas sapagkat ito ang umalagad na nagbabantay sa kaniya. Maraming labanan ang kinaharap ni Amaya mula sa pagiging anak ng isang datu at alipin, ang maging binukot na naging oripun, natimawa’t naging alabay hanggang sa maging mandirigma at pinuno ng mga lumad. Naging matagal ang pakikipaglaban ni Amaya kina Rajah Mangubat at Dian Lamitan na ikinasawi ng marami niyang mahal sa buhay. May mga diwata ring humadlang sa pakikipagsapalaran ni Amaya gaya ni Malanduk na pumanig kay Lamitan. Hindi ipinakita sa palabas na Amaya na kamag-anak ni Amaya ang kaniyang kalaban kundi anak ng kalaban ang lalaking kaniyang pinakamamahal, si Bagani. Namatay si Amaya nang tatlong ulit. Nabuhay siya nang tatlong ulit. At sa dulo, sina Amaya at Bagani pa rin ang itinagna sa isa’t isa.

Hinulma ang Amaya sa mga katutubong epiko sa bansa. Sa

pakikipanayam kay Doctolero (2014) nasambit niyang:

Ang epiko, sa batayan ng history ng Filipinas, ay pagsasabuhay ng kabayanihan ng ating mga ninuno. Oral history ito na nagsasalinalahi. Gaya nina Lam-áng, ang Hudhud, iba pang epiko. Binasa ko ang halos lahat ng epiko ng Filipinas, kasama na ang pagbabasa ng ating history, bilang bahagi ng aking pagsasaliksik. Of course, nakipag- coordinate din ako sa UP para may gagabay na historian sa amin.

Importante iyon na tama ang lalamanin ng kuwento kaya siyempre kailangan ang payo ng mga eksperto. Malaking tulong kasi yung mga history consultant namin ang nagbigay sa akin ng mga additional na babasahin sa pananalasiksik na ginawa namin.

Now, dahil binasa ko ang mga epiko kaya nakita ko ang mga katangiang taglay nito. Ang mga epiko natin ay naglalaman hindi lang ng kabayanihan ng ating mga ninuno (sa oral history) kundi naglalaman din ito ng mga magic (usually ang mga bida rito ay parang Gods and Goddesses na may powers na taal sa atin gaya ng mga anting-anting, etc).

Kaya ganoon si Amaya. May power siya e. Isinilang na may kambal-ahas. Na bahagi ng cultural history ng Kabisayaan (kasi paniniwala naman talaga sa Kabisayaan lalo na noong pre spanish Philippines na kapag isinilang kang may kambal-ahas ay kakaiba ka, itinadhana ka for something big).

Makabuluhan ang epiko sa buhay at karanasan ng sinaunang lipunang Filipino. Sabi ni Castro (3) na “mahalaga ang mga epiko hindi lamang bilang panitikan: ang mga ito’y makabuluhang dokumento rin ng ating lipunan bago pa dumating ang pananampalatayang Muslim at Kristiyano. May maidaragdag sila sa kakaunting tiyak na kaalaman natin tungkol sa sinaunang panahon ng pambansang kasaysayan.” Kay Antillon naman (1-2) na “Para sa ating mga ninuno, ang etnoepiko ay naging sisidlan ng kanilang kalinangan. Naging isang panlipunang kayamanan ito, isang tradisyon at kayamanan na sinikap nilang mailipat sa mga sumusunod na salinlahi... Ang bawat lipi, kung gayon, ay may nilikha at iningatang epiko. Dahil dito, lumaganap ang epiko bilang anyo ng kasaysayan at instrumento ng pagtatala.” Kay Yu (240) na “mahahalagang talaan ‘di lamang bilang panitikan; ang mga ito’y (epiko) makabuluhang dokumento rin ng lipunan bago pa dumating ang pananampalatayang Muslim at Kristiyano. Kay Arboleda (13-14) na “... As such, folklore is crucial to people’s lives,

and it is a key to understanding a people's culture and worldview. Kay Coroza (58) na "Ang sinaunang epiko na bahagi ng tradisyong pabigkas o panitikang bayan ay isang gunita ng lahi. Nakatanghal ang mga ideal ng lahing pinagmulan nito. Dito hinahango ang mga batas at moralidad na itinataguyod at isinasabuhay ng pamayanan. Sa madali't salita, ang epiko, sa lantay nitong pag-iral, ay salaming humuhubog sa kamalayan ng mga mamamayang umaawit nito."

Sa modernong panahon, lumitaw at gumitaw ang epikseryeng Amaya sa kamalayan ng mga manonood nito. Sa pagdaan ng maraming panahon, ang kabaguhang ito ng Amaya bilang epikserye ay isa nang ganap na kasaysayan na lulumain ng matuling diskurso ng mga pagbabago sa mga dugtungang palabas sa telebisyon. Dito naman uukilkilin at uungkatin ang epikong lumitaw sa isang tiyak na panahon ng siglo 21. Ang susunod namang salinlahi ang titingin nito bilang bakas ng nakaraan. Kung ang mga pelikulang bakbakan ay itinuring nina Salazar et al (1989) na modernong epiko, hindi ba't karapat-dapat lamang ang Amaya sa taguring epikserye nito? Ukol sa kabaguhan ng palabas na Amaya, mahalagang sipiin ang sinabi ni Lumbera (310) sa konsepto kung ano ang bago:

Marahil, higit na makatutulong ang depinisyon nagsasabi kung ano ang ikinatatampok ng "bago." Ang "bago" ay ang umiba sa luma at sa pag-ibang iyon ay nakapagdudulot ng kaalaman at kabatiran na hindi pa natin alam at batid. Maaaring ang idinudulot ay may kinalaman sa anyo o sa nilalaman o sa pamamaraan.

Nagbagong-bihis na ang anyo ng mga soap opera. Nagbago na rin ang anyo, pokus, estilo at nilalaman nito. Kung dati-rati ang mga soap opera ay tinawag na soap opera sapagkat mga sabong panlaba ang pangunahing patalastas o komersiyal sa ganitong anyo ng mga dugtungang palabas sa telebisyon, panahon na rin marahil talaga para mabago ang taguring soap opera. Sa kasalukuyang konteksto ng mga patalastas sa telebisyon sa mga dugtungang kuwento, hindi na nalilimita sa sabong panlaba ang mga komersiyal. Ibang-iba na ang mga komersiyal na isinisingit sa ganitong uri ng mga dugtungang palabas. Hindi na ito limitado sa sabon. Lahat na ng uri ng patalastas ay matutunghayan sa mga dugtungang palabas. Kung dati-rati ang diin ng mga soap opera ay laan sa mga maybahay at kasambahay na nasa kani-kanilang

tahanan, nagbago na rin ang pinaglalaanang manonood ng mga dugtungang palabas na kung tawagin dati ay soap opera. Lahat na ng uri ng tao ay nakakapanood at sumusubaybay na ng mga dugtungang kuwento sa telebisyon. Wala na itong pinipiling kasarian, katayuan sa lipunan, edad, uri ng trabaho, paniniwala, relihiyon o kung ano pa mang katerya o pagtatalaytay sa lipunan. Kung dati-rati ang mga soap opera ay inilalaan ang oras sa mga panghapong programa sa telebisyon sapagkat ito ang kadalasang oras ng pamamahinga ng mga ilaw ng tahanan o mga kasambahay, nagbago na rin ang timeslot nito. Umaga, hapon hanggang gabi ay may mapapanood nang dugtungang palabas sa telebisyon. Malinaw na nagbago na maging ang konsepto sa oras na dapat itong ipalabas.

Nagkaroon na ng maraming katawagan at pangalan sa soap opera. Kung dati-rati ay umaangkat ng mga palabas sa ibang bansa kung kaya't sumulpot ang iba't ibang tawag dito depende kung saan ito nagmulang bansa, may sari-sarili na ring pantawag ang bawat estasyon ng kani-kanilang dugtungang programa. Madalas ay tapatan ito ng dalawang higitang estasyon sa Filipinas, ang ABS-CBN2 at GMA7. Kung may fantaserye ang Kapamilya, may Telefantasya naman ang Kapuso. Tumutukoy ang fantaserye o telefantasya sa mga dugtungang palabas na madalas ang tema ng kuwento ay puno ng mahika, engkanto, kababalaghan at mga supernatural na bagay. Ang mga tauhan dito ay maaaring may kakaibang mundo, may kapangyarihan ng tubig, apoy, hangin o lupa, kalahating tao, kalahating isda, anino, tubig, duwende, kakayahang lumipad, pambihirang lakas, paglunok ng bato, pagkakaroon ng pakpak, espiritu, pagkakaroon ng kakaibang kakambal o kung ano pa mang anyo ng isang malikhaing nilalang na hindi matatagpuan sa totoong buhay o realidad.

Kung may telebabad ang GMA7, tinapatan naman ito ng primetime bida ng ABS-CBN2. Ang telebabad o primetime bida ay tumutukoy sa mga palabas sa gabi mula alas-sais hanggang sa pinakadulong programang nagtatapos ng alas-onse. Ito ang tawag sa tuloy-tuloy o walang puknat na pagtutok sa programang sinusubaybayan gabi-gabi ng mga manonood sa kani-kaniyang estasyong kinahuhumalingan.

Kung may dramarama ang GMA7, hapontastic naman ang bersiyon ng ABS-CBN2. Ang dramarama o hapontastic ay

tumutukoy naman sa mga dugtungang programa o marathon ng mga palabas-pantelebisyon sa hapon. Sunod-sunod itong palabas na matutunghayan pagkatapos ng Showtime sa ABS-CBN2 at Eat Bulaga naman sa GMA7 at bago ang pagbabalita.

Dumating din ang panahon ng sineserye ng ABS-CBN2 at tinumbasan naman ito ng sinenovela ng GMA7. Ang sineserye o sinenovela ay isang uri ng mga dugtungang palabas na mula sa sine na ginawan ng remake saka isinerye sa mga palabas-pantelebisyon. Ito ay hango sa mga klasikong pelikula na binigyan ng panibagong-anyo at interpretasyon sa tulong ng mga bagong artista, bagong lokasyon, bagong iskrip at kung ano pa mang bago sapagkat muling ginawa sa kasalukuyan. May paglilihis man sa orihinal na kuwento ngunit ang konsepto ay hinango sa mga orihinal at klasikong pelikulang Filipino. Sa madaling salita, maituturing na adaptasyon ang ganitong uri ng mga palabas.

Ang buong diskurso sa papel na ito ay tungkol sa epikserye. Ang reklamasyon o claim ng GMA7 na Amaya ang kauna-unahang epikserye sa mga dugtungang palabas sa telebisyon. Sa papel ni Hernando, may sumulpot nang termino o konsepto tungkol sa programang hango sa epiko, ito ang teleepiko. Tumutukoy ang teleepiko sa mga kuwento ng kabayanihan na halata sa paggamit ng salitang epiko. Isinatelebisyon ang naunang palabas na sine katulad ng Panday (111).

Ano naman ang epikserye? Higit lalo, ano ang epikseryeng Filipino? Hindi kaya't tulad ng mga unang diskurso sa mga katawagan sa mga dugtungang palabas sa telebisyon ang konsepto ng epikserye ng GMA7 upang itapat lamang sa teleepiko ng ABS-CBN2?

Kaiba sa teleepiko ng ABS-CBN 2 na isinatelebisyon ang isang sikat na pelikulang Panday na pinagbibidahan ni Flavio (Fernando Poe, Jr.), ang epikseryeng Amaya ay orihinal na konseptong inilaan para sa telebisyon. Unang isinalang at isinilang ang Amaya sa telebisyon at sadyang inilaan ito sa ganitong uri ng midyum. Hindi ito ipinalabas bilang pelikula. Kaiba sa Panday na lalaki ang bida, babae ang bayani at bida sa Amaya, si Marian Rivera. Kaiba sa Panday na nilikha ng malikhaing haraya gamit ang makapangyarihang espada, ang Amaya ay ibinatay sa isang tiyak na paniniwala ayon kay Alcina tungkol sa kambal-ahas at ang panahunan nito ay bago dumating ang pananakop ng mga

Espanyol. Dugtong pa ni Doctolero (2012) na:

Ang epikserye kung ganoon ay mula sa salitang epiko. Sa soap, kapag sinabing epiko, it means grand. Pero sa Amaya, aware ako na hindi lang sa laki ng production ang kahulugan noon. Kasi nga, ipinatern ko ang Amaya sa mga epiko ng Filipinas.

Hindi ko kinopya ha? Patterned. Kung gaano kalakas o ka-powerful ang mga bayaning bida (na kadalasan ay lalaki) sa ating mga epiko, ganoon din ang ginawa namin kay Amaya. At saka pinasukan namin ito ng mga traditional formula na taal naman sa soap. Gaya ng “babaing pinabagsak at inapi.” Soap cliché iyan. Pero ginamit ko pa rin sa Amaya. Si Amaya bilang isang binukot (prinsesa) pero ginawang alipin. Soap na soap iyan, hindi ba?

Pero nabigyan ng bagong bihis kasi ginamit ko ang ating kultura (by using the binukot, babaylan, babaing lider). Note: Hindi pa Amaya ang unang title ng Amaya. Ito ay Sultana. Iyon ang working title niya pala. Later na lang namin naisip na gawing mas commercial ang title kaya naging Amaya.

Ano ang kaibahan ng epikserye na Amaya ng GMA sa teleepiko ng ABS? Malaki. Ang Panday ng ABS ba ay may kinalaman sa history ng Filipinas? Wala.

Dahil si Panday na may espada na nagmula sa kalawakan ay puwedeng sabihing halaw sa kanluraning konsepto (aka Superman, Thor etc). Hindi naman nila tinalakay ang history ng Filipinas, hindi rin siya kulturang Filipino. Ginawa lang filipinized ang konseptong kanluranin na nagkaroon ng power dahil sa pinanday na meteor na galing sa kalawakan. Pero ang Amaya, kahit na fictional ang characters, pero ang setting niya, ang kulturang ginamit namin ay mula sa ating history. At ang adventures ni Amaya ay patterned naman sa ating mga epiko.

Sa tanglaw ng diskursong ito sa Amaya, papasok ang tinatawag na intertekstuwalidad ng anumang teksto. Kay Gee (45) tumutukoy ito sa:


A text spoken or written in one variety of language will accomplish a sort of switching by incorporating words from another text spoken or written in the same or a different variety of language. This process we will call intertextuality. It can directly quote another text or indirectly quote it or can just allude to what hearers or readers in the know will realize are words taken from some other source.

Anumang bagay na may kaugnayan sa iba o isa pang bagay, positibo o negatibo man ang pagkakatugang o pagkakaiba nito ay maituturing na intertekstuwalidad ng teksto. Isang eksena,

isang salita, isang tagpo, isang kasuotan na may direktahang pinaggalingan at isinuot sa isa pang panibagong teksto ay anyo ng intertekstuwalidad. Kay Fairclough (84) naman, ang intertekstuwalidad ay:

Basically the property texts have of being full of snatches, which may be explicitly demarcated or merged in, and which the text may assimilate, contradict, ironically echo and so forth.

May kaugnayan ang maraming teksto sa isa't isa gaya ng nangyari sa palabas na Amaya. Kung pakasusuriing mabuti, maraming eksena sa Amaya na hinulma sa mga katutubong epikong mayroon ang bansa gayundin sa hamon ng tinatawag na Korean Wave sa iba't ibang dako ng daigdig. Gamit ang binuong ilustrasyong pantulong, nasa ibaba ang konsepto kung paano nabuo o nahulma ang Amaya:



Malinaw na nabuo ang Amaya sa tulong ng dalawang puwersang pinaghanguan nito. Isang diyalektikal na pagtatalaban ng tekstong kanluranin at isa namang katutubo. Sa epektong idinulot o ibinunga ng tinatawag na Korean Wave na nagtampok ng kalinangang Korea at nakaangkla sa kaniyang kasaysayan gaya ng “Jumong” at “Jewel in The Palace,” binuo sa dugtungang palabas sa telebisyon ang epikseryeng Filipino gaya ng Amaya upang tapatan kahit paano ang daluyong na ito sa telebisyon Filipino. Ang Amaya bilang epiko ay hinulma naman sa mga katutubong epiko ng/sa bansa. Malaking salik ang pagbabasa ng mga epiko sa Filipinas upang makitang intertekstuwalidad ito sa diskurso

ng epikseryeng Filipino gaya ng Amaya. May naganap lamang na pagdestrungka sa katutubong diskurso sa mga epiko na lalaki ang bayani o bida nito. Sa palabas na dinidiskurso, si Amaya ay babaeng protagonista, babaeng bayani, babaeng mandirigma at babaeng pinuno.

Sa madaling sabi, ipinapakita lamang sa itaas na ilustrasyon na may mga pinagbukalang teksto ang Amaya. Malaki ang epekto ng Korean Wave partikular ng “Jumong” at “Jewel in the Palace” na maituturing na mga period drama na naging inspirasyon sa pagkakalikha ng Amaya. Ang mga katutubong epiko naman sa Filipinas ang naging hulmahan sa pagiging epiko ng Amaya gaya ng Lam-ang, Aliguyon, Labaw Donggon, Agyu, Sandayo, Ibalon at iba pa na may pagtatangkang idestrungka ang lalaking bayani sa ganitong uri ng tekstong panliteratura.

Sa tanglaw ng pananaw na feminismo, bayani si Amaya gaya ng pagpipitagan at pagkilalang ibinigay sa kaniya sa banwa ng mga lumad. Sa harap ng mga pagsubok na kinaharap ni Amaya, napagtagumpayan niya ang lahat ng hamong ito. Bilang babaeng may sariling isip, paninindigan at pagpapasiya, ibinigay sa kaniya ng mga lumad ang pagtitiwalang pamunuan ni Amaya ang kanilang banwa. Sa pagbabasa ng mananaliksik, kaniyang natuklasang bagama’t pawang lalaki ang mga bayani sa mga katutubong epiko sa bansa, may sentral pa ring ginampanan ang mga babae upang magtagumpay ang mga lalaking bayani. May katotohanan kahit paano ang lumang kasabihang Tagalog na “Sa tagumpay ng lalaki ang nasa likod ay babae.” Sa epikong Labaw Donggon ay hindi mapatay-patay ni Labaw Donggon si Saragnaya. Ang nakatulong ay ang kaniyang asawa na si Alunsina. Si Alunsina bilang babae ang nagbunyag ng sekreto na ang kamatayan ni Saragnaya ay nasa puso ng baboy-damo. Sa epikong Ibalon ay mababasang ang naging kahinaan ni Handiong ay si Oriol. Napaibig ng babaeng ahas ang lalaking bayani ng epikong Bikol kaya’t sa wakas ng epiko’y natutula na lamang si Handiong. Sa epikong Aliguyon ay mga ina nila ang naghahandog ng kanilang makakain sa tuwing namamahinga sila sa pakikipaglaban. Sa epikong Lam-ang ay muling nabuhay si Lam-ang sa pagpupumilit ni Ines Cannoyan na mahanap ang kaniyang mga butong nagkahiwa-hiwalay dahil sa dambuhalang pating na tinatawag na rarang. Ilan lamang ito sa mga epikong nagtatampok sa tungkulin ng mga babae sa pagtatagumpay ng mga lalaking

bayani. Katuwang ng lalaki ang babae sa maraming hamon at pagsubok sa kanilang buhay. Sa palabas na Amaya, itinampok ang lakas ng mga babae. Pinangunahan ito ni Amaya. Mula sa pagiging binukot na naging oripun kinalaunan ay naging alabay hanggang maging bagani ay banyuhay ng katatagan ni Amaya bilang babae. Si Lamitan ay may napakalakas na personalidad kaya lamang ay ginamit sa kasamaan. Si Uray Hilway ay matapang at matalinong punong babaylan na kinasangkapan ang pagbaliw-baliwan upang iligtas ang kaniyang sarili sa tiyak na kapahamakan. Ginawa rin niya ang pagbaliw-baliwan upang hindi iwan ang puod na matagal niyang pinamunuan kasama si Rajah Mangubat. Estratehiya niya ito upang patuloy na manmanan ang bawat kilos ni Lamitan. Si Hara Lingayan ay butihing asawa ni Rajah Mangubat na patas sa kanilang mga nasasakupan. Lagi siyang nasa panig ng katwiran sa mga desisyong ginagawa niya sa buhay. Si Marikit ay matatag at matalinong babae na nalagpasan ang matinding depresyon at sinikap makahanap ng lalaking magiging kasangkapan niya sa paghihiganti sa kaniyang ina na si Lamitan. Si Binayaan ay naging matapang na mandirigma na hindi umuurong sa anumang labanan kahit pa mga lalaki ang kaniyang makakasagupa. Si Alunsina ay buong tapang na sinugod si Lamitan kahit ang kapalit nito ay malagay sa panganib ang kaniyang buhay. Si Dal'lang ay isang mapagmahal na ina na gagawin ang lahat para sa kaligtasan ng kaniyang anak. Ang ilan sa mga babaeng tauhang ito ay mga babaeng walang busal sa bibig. Nakapagpapasiya sila nang malaya at matiwasay para sa kani-kanilang buhay. Maraming pagkakataon tulad nina Lamitan at Marikit na sila mismo ang nakikipaglaban ng kanilang karapatan na sipingan ng kanilang asawa. Si Amaya naman ay buong husay na nagsanay ng paghawak sa kampilan na nagbigay-daan sa kaniya upang hangaan ng mga lalaking kaniyang kapanalig. Makailang ulit ding tinaggihan ni Amaya ang alok at handog na pag-ibig ni Bagani para sa banwang kaniyang piniling pamunuan. Sa huli, nakuha ni Amaya ang respeto, paghanga at pagtitiwalang sadyang ukol at laan na ibigay sa kaniya. Tinagurian siyang pinakamagaling na babaeng mandirigma sa kaniyang panahon. Itinuring din siyang bunggaitan o diwatang hindi basta-basta matatalo sa anumang uri ng pakikipaglaban. Bagama't may ilang eksenang inaapi at umiiyak si Amaya, bahagi lamang ito ng pormula ng isang matatawag na soap opera upang mapanatili

ang pagbinbin ng kapanabikan ng madlang tagapagtangkilik ng Amaya. Sa isinulat na Panimula ni Antonio (365-6) pinatutunayan niya ang lakas ng babae kahit sa mga katutubong epiko gaya sa Sandayo. Aniya:

Mapapansin natin na si Pailalam ri Bolak at si Bolak Sondag ang siyang pangunahing tauhang babae sa bawat salaysay. Sila'y matatapang na babaeng lumalaban kung kinakailangan. Binuhay ni Pailalam ri Bolak ang tauhang si Sakandal sa Ang Gumam sa Dumalinao samantalang si Bolak Sondag naman sa Sandayo ay tinulungan ni Benobong sa paghahanap kay Sandayo na nabuhay muli nang matalo ni Bolak Sondag ang babaeng amasona na tumangay sa kaniyang kaluluwa. (Sa akin ang salungguhit.)

Bago tuluyang idiskurso ang epikseryeng Filipino, mahalagang linawin muna ang terminong Filipino. Kay Nuncio (11-12), “Naging masalimuot na ang katanungang tumutukoy sa katauhan ng mga Filipino. Pinalitan ito ng diskurso ng identidad ng isa ring diskursong politikal. Ang pagtatangkang alamin kung may natatangi bang pagkakakilanlan ang isa o grupo ng tao ay laging nakadikit sa usapin kung sino, kailan at paano ang pagkakakilala sa kaniya/kanila. Naging komplikado ang paghahanap sa kaakuhan ng Filipino sapagkat naiugat sa kamalayan at katawan ang epekto ng mahabang panahon ng kolonyalismo. Nang dumating ang mga Kastila, tuluyang nabasag ang katutubong pagkakakilanlan. Nabasag ito ngunit hindi tuluyang nawala kung kaya’t sa pira-pirasong hibla ng sinaunang kultura, makikilala pa rin ang mga katutubo, pagsasakatutubo at pagkakakilanlan sa pamamagitan din ng kamalayan at katawan ng mga Filipinong naghahanap ng kabuoan.” (Sa akin ang diin.)

Binigyang-depinisyon naman ni Almario (25-26) ang Filipino na “Tulad ng ibang termino na umigkas sa kontrobersiyang ito, ang “Filipino” ay isang hiram na salita. Sa ating kasaysayan, ang “Filipino” ay tiyakang nagsimula bilang pangngalan/pang-uri sa anumang kaugnay ng Filipinas- ang pangalang ibininyag ni Villalobos sa ating kapuluan sa karangalan ng noo’y Prinsipe Felipe II. Una itong ginamit pantawag sa tao upang ibukod ang Espanyol na mulang peninsula sa Espanyol na isinilang dito sa kolonya. Anupa’t sina Rizal ang unang nangampanya na isama sa pangkating “Filipino” ang mga katutubong tulad niya na anak

mariwasa at ilustrado. Nais ng ating mga Propagandista na ituring silang mamamayan ng Espanya at magkaroon ng kapantay na laya't karapatan. Itinatag sa Republikang Malolos ang Filipinas bilang pangalan ng ating bansa at ang "Filipino" bilang pantawag sa mamamayan at kultura nito. Tinawag mang "Philippines" ng mga Amerikano ang kapuluan, nanatiling pantawag sa mamamayan at kultura nito ang "Filipino." Nagkaroon ito ng anyong "Pilipino," gaya ng pangyayaring opisyal na tinawag na "Pilipinas" ang ating bansa noong panahon ng Hapones, dahil sa pagpapairal ng isang abakadang walang titik F. Noong pang 1987 ay dapat ipatigil ang paggamit ng "Pilipino" at "Pilipinas" dahil sa pagpapaturo ng bagong alpabetong may F kasama ng pito pang dagdag na titik. Mayroon bang "Filipino"? Mayroon. Ito ang adhika ng pagsisikap nina Rizal na maging karapat-dapat sa pangalang "Filipino." Ito ang diwa ng Himagsikang 1896. Ito, halimbawa, ang nais tukuyin ni Jacinto sa buhay na kailangang gugulin para sa "isang mahal at banal na kadahilanan" at nakatuon sa pagdalumat ni Rizal sa tinatawag niyang "amor patrio." Ang pag-ibig sa tinubuang lupa. Ang pag-ibig na simula at wakas ng pagiging "Filipino" alinsunod sa Kartilya ng Katipunan. Ayon na rin kay Bonifacio, ang pag-ibig sa bayan ang pinakamataas na uri ng pag-ibig, isang damdaming "nagpapadakila," at nakapagpapalaya sa tao mula sa kumunoy ng diskriminasyon at dehenerasyon."

Sa pananaliksik na ito, tumutukoy ang Filipino bilang pang-uri sa isang dugtungang palabas na ang ginamit na wika, kalinangan at kasaysayan ay taal na Filipino at ang mga bumubuong konstelasyon sa buong produksiyon nito ay mga Filipino mula sa artista, manunulat, direktor at iba pang sangkap o elemento sa palabas na Amaya.

Sa mahabang diskursong isinagawa, narito ang inilalapag at inihahatag na kahulugan ng isang maituturing na epikseryeng Filipino. Epikseryeng Filipino ang Amaya sa mga sumusunod na dahilan: Una, taglay nito ang pagkakaroon ng bidang babae na may kakaibang kapangyarihang ibinatay sa paniniwala ng mga Bisaya tungkol sa kambal-ahas. Ayon kay Villan (181) na sinabi naman ni Alcina (246) na, "Pagkat sinasabi nilang lahat ng ipinapanganak na may kambal-ahas ay palagian silang sinasamahan ng mga ito sa kanilang pangangayaw, alalaong бага sa kanilang pakikidigma at pandarambong." Karagdagan, ang

kapangyarihang ito ni Amaya ay hindi lamang limitado sa pagkakaroon niya ng kapid-ahas. Ang kapangyarihan niya mismo ay nasa kaniyang karakter na ginampanan sa kuwento. Ang kapangyarihang ito ay nasa kaniyang pagkatao bilang babaeng bayani at mandirigma. Mahalagang idiin sa puntong ito na ang isang epikseryeng Filipino ay may pagtatangkang idestrungka ang mga nakagawiang epiko o teleepiko na pulos o pawang lalaki ang bayani at bida. Kinikilala ng isang epikseryeng Filipino ang babae bilang lehitimong kasarian na maaaring ituring na bayani at mandirigma. Sa mas madaling sabi, walang pinipiling kasarian ang kabayanihan sa isang epikseryeng Filipino. Pangalawa, epikseryeng Filipino ang isang teksto o palabas kung kumikilala ito sa mga katutubong wika ng bansa gaya ng ipinamalas ng Amaya. Kaiba sa lahat ng palabas na matutunghayan sa telebisyon, ang wikang Bisaya sa Amaya ay kinasangkapan bilang lehitimo, pretihiyo at prebilibiyong lengguwahe ng dugtungang palabas sa telebisyon. Kung madalas na ginagawang katatawanan ang paggamit sa mga katutubong wika partikular sa mga sitcom o gag show o kung hindi naman “wika ng katulong” ang Bisaya, sineryoso sa Amaya ang wikang bernakular. Konsistent ang Amaya sa paggamit ng mga katutubong wika mula sa Bisaya. Nagsalikop ang wikang Bisaya at Tagalog sa maraming pagkakataon sa mismong mga diyalogo ng mga tauhan. Hindi pilit ang pagpasok ng mga salitang Bisaya bagkus isinakonteksto sa hinihinging lunan at panahon ng banghay ng Amaya. Nakatulong ito sa pagtupad o pagtalima sa isinasaad ng Konstitusyon ng Filipinas artikulo 14 seksiyon 6. Malaki ang ambag ng isang epikseryeng Filipino sa pagpapayaman ng wikang pambansa sapagkat kumikilala at tumatanggap ito ng mga rehiyonal na wika mula sa iba’t ibang dako ng bansa. Kaiba sa teleepiko gaya ng Panday na bumalong lamang ang diyalogo sa wikang Tagalog, ang epikseryeng Filipino ay naniniwala at nagtititiwala sa kapangyarihan ng ibang wikang matatagpuan sa bansa. Pangatlo, epikseryeng Filipino ang isang dugtungang palabas kung naglalarawan ito ng kalinangang Filipino. Kaiba sa teleepiko gaya ng Panday na walang lantarang pagsusulong o malalim na diin sa pagtatampok ng kalinangang Filipino mula sa iba’t ibang dako ng bansa, ang epikseryeng Filipino ay bukal ng mga terminolohiyang kargado ng kultural na pagpapakahulugan. Matatagpuan sa Amaya ang ugat ng katutubong

kalinangan at kasaysayan ng mga Filipino. Ang mga terminong binukot, oripun, pangangayaw, batuk, babaylan, puod, kampilan, bakunawa, karakoa, umalagad at marami pang wikang tagapaglarawan ng katutubong kalinangan ay sapat nang pruweba upang matawag na epikseryeng Filipino ang isang dugtungang palabas. Ang mga terminong ito na kargado ng kultural na pagpapakahulugan ay mauunawaan at masasapol lamang ng isang Filipinong taal ang dalumat sa mga terminong ito sa kaniyang lugar at lahing pinagmulan at kinalakihan. Napakalaki ang tulong ng mga salitang kargado ng kultural na pagpapakahulugan na ginamit sa Amaya sa pag-unawa sa naging takbo ng buhay, karanasan, pag-iisip at paniniwala ng mga sinaunang Filipino. May mga puna, kritika o kataliwasan man sa kalinangang ito, mahalagang idiin na ang 10 parametrong binanggit sa pag-aaral na ito ay taal sa buhay at karanasan ng mga sinaunang Filipino na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang pag-iral nito sa buhay at kasaysayan ng mga Filipino. Pang-apat, epikseryeng Filipino ang isang dugtungang palabas kung may pinagbabatayan itong tiyak na kasaysayan sa bansa. Hinabing kasaysayan man ang lahat ng pangyayaring itinampok sa Amaya sapagkat ang kuwento mismo ay isang kathang-isip gaya ng iba pang mga epiko sa bansa, mapangahas ang Amaya na sariwain ang nakalipas ng Filipinas sa tulong ng uri ng lipunan, katutubong musika at kasangkapan, sistema ng pagsulat, pakikipagkalakalan sa iba't ibang dayuhan, ang katutubong kasuotan, ritwal sa pagpapakasal, mga tiyak na gawain ng babae at lalaki, sinaunang pagkain at inumin, moog na pananampalataya sa mga bathala't umalagad at ang mismong pananakop ng Kastila ay mga ebidensiya ng hinabing kasaysayan. Mahalagang idiin na may pinagbatayang historikal na datos ang kuwento ng/sa Amaya. At ang kasaysayang ito ay kasaysayang Filipino. Bali-baligtarin man ang sitwasyon, kathang-kasaysayan man ang lahat ng itinanghal sa Amaya, kasaysayang Filipino pa rin itong maituturing na wala sa ibang lahi o kung mayroon man ay masasabing may kaibahan pa rin sa kasaysayang Filipino. Gaano man ito kalayo o kalapit, kahungkag o katapat sa kasaysayang naganap sa bansa, ang mahalaga, sinikap sa pagkakahulma at pagkakalapat ng palabas na Amaya ang kasaysayang nakasulat sa mga libro at dokumentong pangkasaysayan. Pagtatangka itong buhayin ang kasaysayan ng lahing Filipino. Sabi nga sa palabat ng

DVD sa Amaya (2014), This is the very first and only epicserye in the country-AMAYA. Reflecting the life and times of an era almost forgotten by history, this will re-awaken our consciousness and be truly proud of our race.” Panlima, kung may naganap na Korean Wave na nagtampok sa mayamang kalinangan at kasaysayan ng Korea na nakilala sa iba’t ibang dako ng Asya at ng mundo gayong ito ay isang likhang-isip din, mahalagang idiin ang teoryang Imagined Communities at Dialogical Imagination sa pagbuhay sa kalinangan at kasaysayang Filipino sa pamamagitan ng Amaya. Epikseryeng Filipino ang isang palabas kung sa panonood nito ay makakaramdam ng pagmamalaki ang isang lahi gaya ng nangyayari ngayon sa mga Filipino na nanonood ng Amaya sa iba’t ibang bahagi ng Amerika gaya ng California, Canada at Hawaii. Kung hindi man pagmamalaki, naroon pa rin ang buhol o taling nag-uugnay sa mga Filipino sa tulong ng palabas na Amaya. Naroon ang esensiya ng dalawang teoryang nabanggit na mababakas ang pagmamalaking Filipino ang isang Filipino na nangibang-bansa sapagkat maiugnay niya ang kaniyang sarili sa kalinangan at kasaysayang hinulma sa Amaya gayong hindi man niya ito aktuwal na naranasan. Ang pakiramdaman na ito ay nararamdaman din ng isang Filipino na naghahanap ngayon ng kaniyang pagkakakilanlan at identidad. Hindi man ito ganap na paglalarawan ng kaniyang buong katauhan, sa mga pilas na bahagi nito ay naroroon ang pagkatao at pagka-Filipino. Sa gamit pa lamang ng wikang Filipino na nagsanib ang wikang Bisaya at Tagalog, mananariwa ang diwa ng pagmamahal sa sarili at bayan. Sa kahuli-hulihan, nasa wika pa rin ang pintungan at lagusan ng pagmamahal sa bayan. Hindi sinasabi ng disertasyong ito na kabuoan ito ng lahing Filipino. Bagkus ito ay mapangahas na pagtatangka ng Amaya na lumikha ng epikseryeng Filipino para at laan sa Filipino. At lahat ng hinabing pangyayari sa Amaya ay maituturing na representasyon, romanisasyon at aprokisimasyon kung ano at sino ang isang Filipino. Pang-anim, epikseryeng Filipino ang isang dugtungang palabas kung tumagal ito sa pag-ere sa telebisyon. Katangian ng alinmang epiko sa bansa ang haba o tagal nito kapag binibigkas o kinakanta. Ang Amaya ay epikseryeng tumagal sa loob ng walong buwan sa dugtungang palabas sa telebisyon. Sa orihinal na pormula ng anumang dugtungang palabas, tumatagal lamang ito sa loob ng tatlong buwan o 13 linggo (Villanueva: 137). Sentido

komon na ang magsasabing tumatagal lamang ang isang palabas sa telebisyon kung kinakagat ito ng pinaglalaanang publiko. Tumatagal ang isang palabas sa telebisyon kung may suporta ito sa tulong ng mga komersiyal na pansingit sa bawat gap nito. Tumatagal ang isang palabas sa telebisyon kung umaani ito ng positibong kritika o rebyu na maaaring magmula sa iba't ibang saray, hanay at sangay ng lipunan partikular sa akademya at pangkultura. Sinuportahan ang Amaya ni Bienvenido Lumbera na kilalang Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan. Isa siya sa pumuri sa Amaya nang magkaroon ito ng premiere night sa isang sinehan bago ito tuluyang nakapaglayag sa mundo ng telebisyon. Sa Wikipedia naman, mababasa na "Amaya is promoted by the National Historical Commission of the Philippines and Department of Education due to its cultural concept that shows and depicts the Filipino material culture, beliefs, traditions and mores in the Pre-Hispanic era. It also teaches the history of the Philippines by means of epics and legends passed as oral literature through generations. The show's creators relied heavily on classic Philippine history reference materials such as the Boxer Codex, an early pictographic account of Filipino culture and physical appearances around the time the Spaniards began colonizing the islands. Historical references include the names of the characters in the series, such as Alunsina, from the epics Hinilawod and the Labaw Donggon." Panghuli, epikseryeng Filipino ang isang dugtungang palabas kung natapos itong panoorin sa buong diskurso ng programa nito. Ito ang programang hindi basta pinutol sa samot-saring dahilan. Kaiba sa Panday sa ABS-CBN 2, putol-putol ang pagpapalabas nito. Nagsimula ito noong Nobyembre 7 at nagtapos agad noong Disyembre 9, 2005. Muli itong ipinalabas noong ika-3 ng Abril 2006 at nagtapos ng mayo, 26, 2006. Sa kaso ng "Indio," ng GMA7 ay hindi ito tumagal sa ere. Mahihinuha rin na nang ipalabas ang "Indio," hindi ito kinapitan ng taguring epikserye. Epic fantasy ang ikinapit sa Indio. Gayundin ang "Juan de la Cruz" ng ABS-CBN. Hindi ito tinawag na epikserye bagkus "fantasy horror" ito sapagkat kuwento ito ng isang lalaking bayani na kalahating tao at kahalating aswang. Samantalang ang isang epikseryeng gaya ng Amaya ay tinapos at natapos nang akma sa target na run time nito at nagkaroon pa ng ekstensiyon sa

pamamagitan ng mga sub-plot nito. Kung tutuosin, dapat na nagwakas ang Amaya nang mamatay si Rajah Mangubat. Subalit naging mahaba pa ang diskurso ng Amaya kahit nagwakas na ang buhay ng isang malupit na rajah. May ilan pang mga baguhang tauhan ang isinali sa palabas at nagkaroon ng mayor na tungkulin sa buhay ni Amaya. Lumawig pa ang kuwento ng Amaya sa mundo ngtelebisyon satulong ng mga bagong tauhan at pakikipagsapalaran ni Amaya. Hindi ito pinutol sa ano pa mang dahilan. Dugtungang ipinalabas ito sa telebisyon sa loob ng walong buwan mula noong ika-30 ng Mayo 2011 hanggang ika-13 ng Enero 2012. (Akin lahat ang diin.)

Marami pang bagong anyo ng mga soap opera ang magsisidating sa mundo ng telebisyon Filipino. Pero may landas nang hinawan at pinangunahan ang isang epikseryeng tulad ng Amaya. Pinangunahan ng Amaya ang magtampok ng palabas na ibinatay ang mga diyalogo ng tauhan sa pagkilala at pagpapahalaga sa mga katutubong wika ng bansa gaya ng Bisaya. Pinangunahan ng palabas na Amaya na isahog ang katutubong kalinangan ng mga sinaunang Filipino na unti-unti nang nakakalimutan ng kasalukuyang henerasyon at panahon. Nanguna rin ang Amaya sa pagsusuot ng mga pangyayari sa kasaysayan ng Filipinas sa isang dugtungang palabas bagama't kathang-isip lamang ang mga ito. Hindi lamang teleepiko ang Amaya kundi epikserye sapagkat taglay nito ang katutubong katangian ng mga epiko sa bansa bagama't nagkaroon lamang ng pagdestrungka sa pangunahing tauhang babae.

Kung may epikserye pa mang susulpot sa kasaysayan ng panonood sa telebisyon Filipino, ang inilapag at inihatag na pitong pamantayan sa pag-uuri ng ganitong genre ay matatagpuan sa papel na diniskurso. Maaaring paniwalaan o tutulan ito ng ilan. Maaaring may kakulangan o kapintasan ang pamantayang ito ngunit tiyak ang mananaliksik na mas mangingibabaw ang lakas nito sapagkat bunga ito ng mahabang pag-aaral, pagbabasa at pagdidiskurso sa palabas na Amaya. Sa pangkalahatan, ito ang naging bunga o resulta sa matiyaga at mahabang panonood at pananaliksik ng gumawa ng papel na ito tungkol sa Amaya. Ito ang ambag ng mananaliksik sa Araling Filipino at sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Sa kabuoan, ang papel na ito ay nag-aambag kung ano at paano masasabing epikseryeng Filipino ang isang

dugtungang palabas sa telebisyon gaya ng Amaya.

Bunga man ng malikhaing guniguni ang palabas na dinidiskurso, natiyak sa pag-aaral na ito ang kahalagahan ng ganitong uri ng palabas sa telebisyon Filipino. Nagbukas ito ng pintuan sa mga katutubong wika ng bansa. Tumulima ito sa isinasaad ng Konstitusyong 1987. Nagbigay-daan ito upang makilala at masariwa ang mga katutubong kalinangan, kaugalian, paniniwala, gawi-gawi ng mga katutubong Filipino bago pa man dumating ang mga Kastila sa bansa. Nagbigay-puwang ito sa pagtatampok at paglalarawan ng isang kasaysayang may pinagbatayan sa kapuluan ng Filipinas. Higit sa lahat, naisuot sa palabas na Amaya ang ilang katangian ng katutubong epiko sa bansa at sa bandang-huli ay gumawa naman ng sariling panukatang-bato ang Amaya, ang pagiging epikseryeng Filipino nito.

Mga Sanggunian

- Anderson, Benedict Richard. *Imagined Communities, Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. Philippines: Anvil Publishing, Inc. 2003:6-7. Limbag.
- Almario, Virgilio S. *"Paliwanag para sa Ikalawang Edisyon."* UP Diksiyonaryong Filipino. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc. 2010:vi at viii. Limbag.
- _____. *"Ang Pagsasalin at Pagpapaunlad sa Wikang Pambansa."* Sawikanaan 2007 Mga Salita ng Taon. Inedit nina Galileo S. Zafra at Michael M. Coroza. Lungsod Quezon: UP Press. 2008: xx. Limbag.
- _____. *Ang Maikling Kuwento sa Filipinas: 1896-1949, Kasaysayan at Antolohiya*. Maynila, Anvil Publishing, Inc. 2012:78. Limbag.
- Anger, Dorothy. *Other Worlds: Society Seen Through Soap Opera*. Ontario: Broadview Press. 1999. Limbag.
- Arrogante, Jose A. *Mapanuring Pag-aaral ng Panitikang Filipino*. Maynila: National Book Store, Inc. 1991:80-84. Limbag.
- Bakhtin, Michael. *The Dialogical Imagination*. Austin, TX: University of Texas Press. 1986. Limbag.
- _____. *"Discourse in the Novel."* *The Dialogic Imagination*. Austin, TX: University of Texas Press. 1981:84. Limbag.
- Baquiran, Jr., Romulo P. *"Huling Hudhud, Isang Introduksiyon."* Mula sa *Panunuring Pampanitikan, Ang Huling Hudhud ni Rio Alma*. Maynila:

- National Commission for Culture and the Arts. 2009: ix. Limbag.
- Castro, Jovita V. "Introduksiyon," sa mga Epiko ng Filipinas. Lungsod Quezon: Apo Production Unit. 1984:3. Limbag.
- _____, et al. *Antolohiya ng mga Panitikang Asean, Mga Epiko ng Filipinas*. Lungsod Quezon: APO Production Unit, Inc. 2009: 3-7. Limbag.
- Cruz, Isagani R. "Si Lam-ang, si Fernando Poe Jr., at si Aquino: *Ilang Kuro-kuro tungkol sa Epikong Filipino*." *Bukod na Bukod, Mga Piling Sanaysay*. Inedit ni Bayot, Jonathan Y. Lungsod Quezon: The University of the Philippines Press. 2003:242. Limbag.
- Fairclough, Norman. *Discourse and Social Change*. Cambridge: Polity Press. 1992: 84. Limbag.
- Garcia, Fanny A. "*Mga Varayti ng Wikang Filipino: Ang Kabuluhan Nito sa Wikang Filipino at sa Pagkakaisa ng mga Filipino*." *Surinaysay, Wika, Panitikan, Malikhaing Pagsulat, Feminismo, Midya*. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc. 2012:40, 184, 225-226. Limbag.
- Gee, James Paul. *An Introduction to Discourse Analysis, Theory and Method*. USA and Canada: Routhledge. 2005: 46. Limbag.
- Hernando, Pauline. "*Telenobela*." *Sawikaan 2007 Mga Salita ng Taon*. Inedit nina Galileo S. Zafra at Michael M. Coroza. Lungsod Quezon: UP Press. 2008: 105. Limbag.
- Lumbera, Bienvenido L. "*Ang Bago sa Pagbabago: Paano Kinikilala ang Bago sa Panitikan, Kritisismo at Pagtuturo?*" Mula sa Aklat na Komunikasyon sa Akademikong Filipino nina Autor, Evelyn B. at Vasil A. Victoria. Lungsod Naga: ADNU Press. 2014: 310. Limbag.
- Manuel, E. Arsenio. "*Survey of the Philippine Folk Epics*." *Asian Folklore Studies*. Volume XX11. 1963. Limbag.
- Mills, Sara. *Discourse, The New Critical Idiom*. London: Routledge. 2004:7. Limbag.
- Nuncio, Rhod V. at Elizabeth M. Nuncio. Sangandiwa, *Araling Filipino bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit-Pananaliksik*. Maynila: UST Publishing House. 2004:11. Limbag.
- Propp, Vladimir. *Morphology of the Folktale*. Austin: University of Texas Press. 1968:25-26. Limbag.
- Salazar, Zeus A. "*Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Filipinas*." Mula sa Bagong Kasaysayan. Mininograpo ni Peñalosa, Carmen V. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi. 2000: 4. Limbag.
- _____. *Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Filipino*. Mininograpo ni Peñalosa, Carmen V. Lungsod Mandaluyong: Palimbagan Kalawakan. 1997:1,6,38. Limbag.
- _____. *Unang Pagtingin sa Pelikulang Bakkaban*. Maynila: CCP. 1989: 12. Limbag.
- Konstitusyon ng Filipinas. Artikulo 14 Seksiyon 6. 1987. Limbag.